

INSTITUSYON/SENTRO:**PANGUNAHING TAGASIYASAT:****NUMERO NG PAG-AARAL:****PAMAGAT NG PAG-AARAL:**

Hinihiling sa iyong lumahok sa isang pananaliksik na pag-aaral. Bago ka sumang-ayon, dapat ay bigyan ka muna ng buod ng pananaliksik na pag-aaral. Dapat ay naglalaman ang buod na ito ng pangunahing impormasyon upang matulungan kang maunawaan ang mga dahilan kung bakit mo maaaring gustuhin o maaaring hindi gustuhing sumali sa pag-aaral.

Kusang-loob ang iyong paglahok sa pananaliksik na ito, at hindi ka papatawan ng multa o mawawalan ng mga benepisyo kung tatanggi kang lumahok o magpasyang huminto.

Pagkatapos ipakita ang buod, bibigyan ka ng team ng pag-aaral ng mga karagdagang detalye tungkol sa pag-aaral na dapat ay kinabibilangan ng:

- 1) mga layunin, mga pamamaraan, at tagal ng pananaliksik;
- 2) anumang pamamaraang pang-eksperimento;
- 3) anumang makatuwirang inaasahang panganib, hindi mabuting pakiramdam, at benepisyo ng pananaliksik;
- 4) anumang posibleng nakakabuting alternatibong pamamaraan o panggagamot; at
- 5) kung paano papanatilihin ang pagiging kumpidensyal.

Kung naaangkop, dapat ka ring sabihan ng team ng pag-aaral tungkol sa:

- 1) anumang makukuhang kabayaran o medikal na panggagamot kung may mangyaring pinsala;
- 2) posibilidad ng mga hindi inaasahang panganib;
- 3) mga pangyayari kung kailan maaaring ihinto ng tagasiyasat ang iyong paglahok;
- 4) anumang karagdagang gastos na dapat mong bayaran;
- 5) kung ano ang mangyayari kung magpasya kang ihinto ang paglahok;
- 6) kung kailan ka sasabihan tungkol sa mga bagong resultang maaaring makaapekto sa iyong pagiging handang lumahok;
- 7) kung ilang tao ang sasali sa pag-aaral;
- 8) paggamit sa iyong mga biologic specimen para sa kita sa komersyo;
- 9) kung sasabihan ka tungkol sa iyong mga resulta sa pananaliksik;
- 10) kung maaaring kabilangan ang pananaliksik ng buong genome sequencing; at
- 11) anumang paggamit ng pananaliksik sa hinaharap sa iyong impormasyon o mga biologic specimen.
- 12) Para sa mga klinikal na pagsubok: Magkakaroon ng paglalarawan ng klinikal na pagsubok na ito sa <https://www.clinicaltrials.gov>, ayon sa iniaatas ng Batas sa U.S. Hindi kabibilangan ang Web site na ito ng impormasyong makakapagpakilala sa iyo. Isasama lang sa Web site ang buod ng mga resulta. Maaari kang maghanap sa Web site na ito anumang oras.

Bukod pa rito, maaaring may paglalarawan ng klinikal na pagsubok na ito sa <https://www.clinicaltrials.gov> alinsunod sa patakaran ng NIH.

Kung sasang-ayon kang lumahok, dapat kang bigyan ng nilagdaang kopya ng dokumentong ito at nakasulat na buod ng pananaliksik.

Maaari kang makipag-ugnayan kay (*name*) _____ sa (*phone number*) _____ anumang oras na mayroon kang mga tanong tungkol sa pananaliksik.

Maaari kang makipag-ugnayan kay (*name*) _____ sa (*phone number*) _____ kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong mga karapatan bilang subject ng pananaliksik o kung ano ang dapat gawin kung magkaroon ka ng pinsala.

Ang paglagda sa dokumentong ito ay nangangahulugang ang pananaliksik na pag-aaral, kabilang ang impormasyon sa itaas, ay inilarawan sa iyo nang pabigkas, at kusang-loob kang sumasang-ayong lumahok.

Lagda ng Kalahok ng Pananaliksik

I-print ang Pangalan ng
Kalahok ng Pananaliksik

Petsa

Lagda ng Saksi*

I-print ang Pangalan ng Saksi

Petsa

***SEKSYON PARA SA ADMINISTRASYON NG NIH NA SASAGUTAN PATUNGKOL SA PAGGAMIT NG INTERPRETER:**

_____ Pinangasiwaan ng isang interpreter, o iba pang indibidwal, na nakapagsasalita ng English at ng gustong wika ng kalahok ang paghingi ng may-kabatirang pahintulot at nagsilbing saksi. Hindi maaaring magsilbing saksi ang tagasiyasat na humihingi ng pahintulot.

_____ Pinangasiwaan ng isang interpreter, o iba pang indibidwal, na nakapagsasalita ng English at ng gustong wika ng kalahok ang pagkuha ng may-kabatirang pahintulot ngunit hindi nagsilbing saksi. Ang pangalan o ID code ng taong nagbibigay ng suporta sa pagsasalin ay: _____.